CHARTERED PROFESSIONAL ACCOUNTANTS BRITISH COLUMBIA

Chartered Professional Accountants of British Columbia
800-555 West Hastings Street Vancouver BC CANADA V6B 4N6
T. 604 872.7222 F. 604 681.1523 TF. 1 800 663.2677
www.bccpa.ca

# PAANONG MAGING ISANG CPA

## Tungkol sa CPABC

Ang Chartered Professional Accountants of British Columbia (CPABC) ay ang lupong tagapagbigay ng training, tagapamahala, at tagapangalaga para sa mahigit na 40,000 na miyembrong CPA at 6,000 na kandidatong CPA. Ang pangunahing layunin ng CPABC ay ang protektahan ang publiko, kabilang na dito ang:

- Pagpapatupad ng pinakamataas na pamantayang propesyonal at etikal.
- Pagtataguyod at pagdagdag sa kakayahan ng mga miyembro sa pamamagitan ng professional development, at pag-aseso sa nagpapatuloy na kakayahan ng mga miyembro.
- Pagpapatupad sa mga pamantayan ng propesyon at mga tuntunin ng propesyonal na pagkilos ng mga kandidato at mga miyembro.
- Pagbibigay ng isang proseso ng reklamo na patas at mahusay, at pag-iimbestiga at pagbibigay-hatol sa mga reklamo.

Sa ilalim ng *CPA Act*, ang mga miyembro lamang ng CPABC ang may taglay na kinakailangang antas ng training, edukasyon, at kahusayan upang kumilos bilang mga professional accountant sa province.

## Maging isang CPA

Ang mga CPA ay lubos na hinahangad ng mga employer at nagpapayo sila sa mga multinational na korporasyon, mga malilit na negosyo, mga not-for-profit, mga ahensya ng gobyerno, at di-mabilang na mga indibidwal. Mataas ang tingin sa kanila dahil sa kanilang pamumuno sa larangan ng public accounting, sa kanilang strategic insight sa mga boardroom ng mga nangungunang korporasyon, at sa kanilang pagpatnubay sa government at public sector accounting. Sa loob ng susunod na dekada, inaasahan ng BC na magkakaroon ng matinding pangangailangan para sa mga professional accountant. Marami sa mga posisyon na ito ay mapupunan ng mga professional accountant na nag-train sa ibang bansa.

Para maging isang CPA, dapat matugunan ng mga indibidwal ang tatlong pangunahing pangangailangan: Edukasyon, Eksaminasyon, at Karanasan. Ang **Edukasyon** ay nauugnay sa pagkakamit ng kinakailangang kaalaman sa mga core subject tulad ng ethics, accounting, audit at assurance, at taxation, at iba pang mga subject tulad ng strategy, governance, at finance. Ang **Examinasyon** ay nauugnay sa pagsubok sa kaalaman na nakamit sa loob ng ibat-ibang mga subject. At ang **Karanasan** ay nauugnay sa pagtatamo ng kaugnay na praktikal na karanasan sa trabaho. Ang mga indibidwal na nakakatugon sa requirements na ito at na person of good standing ay magkakamit ng designasyon na CPA. Ang requirements na ito ay alinsunod din sa mga pamantayan ng IFAC para sa propesyon ng accounting.

Ang CPABC at ang CPA Western School of Business (CPAWSB) ay nagtutulungan upang maihatid ang CPA program. Inihahatid ng CPAWSB ang mga academic component, habang ang pinamamahalaan naman ng CPABC ang mga CPA na miyembro at kandidato na naninirahan sa BC.

Makakuha ng karagdagang impormasyon ukol sa pagiging isang CPA, makahanap ng events, o mag-book ng isang appointment sa CPABC Advisor sa gocpabc.ca.

## Mga Accountant na Nag-aral sa Ibang Bansa (Internationally Educated Accountants)

Noong 2023, sinimulan ng BC provincial government ang *International Credentials Recognition Act* na naglalayon na dagdagan ang pagiging patas, kahusayan, transparency, at accountability sa proseso ng credential recognition para sa internationally trained professionals. Batay sa nakaraang edukasyon, karanasan sa trabaho, at accounting credentials, maraming mga indibidwal na nag-aral sa ibang bansa ang may iba't-ibang paraan para maging isang CPA.

Ang mga sumusunod na paraan ay naaangkop sa mga aktibong miyembro na may good standing at nakatapos na ng lahat ng professional courses, mga eksaminasyon, at karanasang kinakailangan ng kanilang professional body.

- Ang **MRA/RMA members** ay maaaring direktang mag-apply para sa CPA designation sa BC at matatanggap nila ang kanilang mga resulta sa assessment sa loob ng pitong araw ng negosyo mula sa petsa ng pagtanggap ng lahat ng kinakailangang dokumento.
- Ang **MOU members** ay tatanggap ng "advanced standing" exemptions tungo sa ilang mga academic at work experience component ng CPA Program. Ang mga resulta ng assessment ay ibibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng lahat ng kinakailangang dokumento para sa academic bridging, at sa loob ng apat hanggang anim na linggo para sa experience bridging.
- Ang **IFAC members** na mga miyembro ng professional body na nakalista rin bilang isang 'Member Organization' sa IFAC ay karapat-dapat na mag-apply para sa isang CPAWSB Assessment at tatanggap ng "advanced standing" exemptions tungo sa ilang mga academic at work experience component ng CPA Program. Ang mga resulta ng assessment ay ibibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng lahat ng mga kinakailangang dokumento para sa academic bridging, at sa loob ng apat hanggang anim na linggo para sa experience bridging.
- **Ang iba pang mga internationally trained accountant** ay karapat-dapat na mag-apply para sa isang CPAWSB Assessment at ang lahat ng nakaraang edukasyon ay susuriin ayon sa admission requirements para pumasok sa CPA Program. Ang mga resulta ng assessment ay ibibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng lahat ng kinakailangang dokumento para sa academic assessment. Ipapahiwatig ng mga resulta kung gaano sa mga admission requirement ang natugunan at kung ano ang kulang.

Makakuha ng karagdagang impormasyon at simulan ang iyong application sa cpawsb.ca/future-learners.

## Mga Madalas na Katanungan

**Mayroon bang English language proficiency requirement para maging isang estudyante ng CPA?**

Inirerekomenda namin na dapat mayroon kang Canadian English Language Benchmark na 8 mula sa 12 man lamang, nang maunawaan mo ang nilalaman ng kurso at ang mga eksaminasyon. May karagdagang impormasyon sa language.ca/resourcesexpertise/.

**Mas malaki ba ang binabayaran ng international students para kunin ang CPA Program?**

Hindi, ang binabayad ng international students ay pareho ng binabayad ng domestic students sa British Columbia.

**Puede ba akong maging estudyante ng CPA Program habang naninirahan sa labas ng Canada?**
Maaari mong simulan ang proseso ng assessment mula sa iyong bansang tinitirahan, pero bago ka maka-enroll sa CPA program, dapat ay nakatira ka sa British Columbia at dapat may hawak kang study permit at work permit.

**Kung hindi ako landed immigrant o permanent resident, anong mga permit ang kakailanganin ko para mag-aral sa CPA Program?**
Ang CPA Program ay nagtatagal nang mahigit sa 6 na buwan at ito'y may mandatory in-person component. Para mag-enroll sa CPA program, dapat ay nakatira ka sa British Columbia at dapat ay mayroon kang kapwa **study permit** at **work permit**. Para sa mas personal na patnubay hinggil sa permit at immigration, mainam kung hihingi ka ng payo mula sa isang propesyonal. Makakuha ng karagdagang impormasyon sa college-ic.ca/protecting-the-public.

**Kailan ang susunod na Information Session tungkol sa CPA Program?**
Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa CPA program at tungkol sa mga darating na information sessions at events sa gocpabca.ca.

**Sino ang maaari kong kontakin para sa karagdagang impormasyon?**
Kontakin ang CPABC sa gocpabc.ca/advisor o tawagan kami sa 604.872.7222 o sa libreng matatawagang numero sa 1.800.663.2677.